

## IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

### Sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN lalong lumubog sa gitna ng dumaraming kaso ng COVID-19

#### Mga pangunahing nalaman

Bumagsak ang PMI sa 44.6 na pinakamababang naitala sa loob ng 13 buwan

Humina ang demand sa pagbalik ng mga paghihigpit, na humantong sa pinakamabilis na pagbagsak ng output mula Mayo 2020

Bumilis ang pagkaunti ng trabaho sa kabila ng pagdami ng backlog na malapit sa pinakamalaking pagdaming naitala

Kinolekta ang data noong Hulyo 12-26, 2021.

Nagpahiwatig ang pinakabagong data ng Purchasing Managers' Index (PMI™) ng IHS Markit ng higit pang pagbagsak ng mga kundisyon sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN noong Hulyo. Ang muling pagdami ng mga kaso ng COVID-19 at kasunod na paghihigpit ng ilang hakbang sa pagpipigil ng pagkalat ay lalong ikinabagsak ng demand, kung saan pinakamabilis na humina ang produksyon sa pabrika magmula Mayo 2020 bilang resulta.

Ang headline na PMI ay lumubog sa pinakamababang naitala sa loob ng 13 buwan na 44.6 noong Hulyo, na kapansin-pansing mas mahina kaysa sa naitala noong Hunyo na 49.0. Dagdag pa rito, ipinahiwatig ng pinakahuling numero ang panlimang pinakamabilis na paghina ng sektor na naitala, na matindi sa pangkalahatan.

Sa pitong kasaping bansa sa ASEAN, humina ang mga kundisyon ng negosyo sa lima noong Hulyo. Naitala sa Myanmar ang pinakamatinding paghina, kung saan kapansin-pansing nabawasan ang headline na PMI ng walong puntos noong buwan kasabay ng muling sapilitang pagsasara ng mga negosyo dahil sa mga tumataas na bilang ng kaso ng virus. Dagdag pa rito, ang pinakahuling naitala (33.5) ang pinakamababa magmula Abril at nagpahiwatig ito ng mabilis na pagbagsak ng mga kundisyon.


Nakaranas din ang Indonesia ng matinding paghina noong Hulyo, kapansin-pansing bumagsak ang headline na figure sa 40.1 mula 53.5 noong Hunyo, na itinuturo ang unang paghina ng sektor magmula noong nakaraang Oktubre, at ito rin ang pinakamatindi sa loob ng 13 buwan. Samantala, kaunti ang pagbabago sa headline na figure (40.1) ng Malaysia noong buwan at nagpapahiwatig ito ng ikalawang kasunod na buwan ng pagbagsak sa mga kundisyon ng magpapanupaktura, kung saan kapansin-pansin at pinakamabilis na naitala ang pagliit.

Kasabay nito, nakapagtala ang Vietnam ng bahagyang nabawasan paghina noong Hulyo. Gayunpaman, sa 45.1, nagpahiwatig pa rin ang headline na PMI ng matinding paghina sa pangkalahatan. Ang Thailand lang ang nag-iisa pang sinusubaybayang bansa na nakapagtala ng paghina sa mga kundisyon ng pagmamanupaktura noong Hulyo. Dito, bahagyang bumaba ang headline na index (48.7) noong buwan, at nagpahiwatig lang ito ng bahagyang pagbagsak.

ipinagpatuloy...

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

#### Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

"Dahil sa dumaraming kaso ng COVID-19 at mas mahihigpit na hakbang sa pagpipigil ng pagkalat, lalong humina ang sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN noong Hulyo. Bumaba ang PMI sa pinakamababang naitala sa loob ng 13 buwan at nagpahiwatig ito ng matinding paghina ng mga kundisyon sa gitna ng pinakamabilis na pagbabawas ng output at bagong trabaho magmula Mayo 2020.

"Bilang resulta, pinakamabilis na binawasan ng mga producer ng produkto ang kanilang mga tauhan sa loob ng halos isang taon, sa kabila ng mas matinding pressure sa kapasidad, samantalang nanatiling mahina ang kumpiyansa sa negosyo sa buong kasaysayan ng survey.

"Muling naging kapansin-pansin ang pagkakaiba sa antas ng bansa, dahil lima sa pitong kasaping bansa ang nakapagtala ng paghina noong Hulyo, kung saan ang pinakamatindi ay sa Myanmar, Malaysia at Indonesia.

"Sa pangkalahatan, ipinapahiwatig ng pinakabagong data ng PMI na malamang na humarap sa marami pang hamon sa mga paparating na buwan ang mga nagmamanupaktura. Muling napahina ng mga hakbang sa pagpipigil sa pagkalat ng sakit ang demand, at hanggang makabawi ito, malabong makapagtala ang sektor ng anumang malaking pagbawi."

Maganda ang balita mula Pilipinas at Singapore noong Hulyo. Sa nauna, nagpatuloy ang paglago sa ikalawang kasunod na buwan, bagama't maliit lang (PMI: 50.4), samantalang nakapagtala ang sektor ng pagmamanupaktura sa Singapore ng kapansin-pansing pagbawi, kung saan umakyat ang headline na figure nang mas mataas sa 50.0 noong Hulyo sa 56.3, at naipahiwatig nito ang pinakamagandang pagbuti sa mga kundisyon ng pagmamanupaktura magmula Mayo 2013.

Sa pangkalahatan, nakaranas ang sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN ng matinding paghina sa mga kundisyon noong Hulyo. Parehong bumagsak ang output at mga bagong order sa ikalawang magkasunod na buwan, kung saan ang pagbagsak ang pinakamabilis magmula Mayo 2020 at matindi sa pangkalahatan.

Bilang resulta, muling binawasan ng mga kumpanya ang pagbili noong Hulyo, kung saan ang pinakahuling pagbawas ang pinakamabilis sa loob ng 14 na buwan. Kasunod nito, lalong kumaunti ang mga imbentaryo bago ang produksyon, bagama't bahagyang mas mabagal kaysa noong Hunyo. Gayunpaman, nanatiling nananaig ang mga paghihigpit sa supply. Humaba ang mga average na lead time para sa mga input sa pangatlong pinakamahabang naitala.

Nabigyang-diin din ng data noong Hulyo ang mga panibagong pressure sa kapasidad sa mga nagmamanupaktura sa ASEAN, kasabay ng pagdami ng mga backlog na pangalawa sa pinakamabilis na naitala. Gayunpaman, nagpatuloy ang mga kumpanya sa pagbabawas ng bilang ng kanilang mga tauhan noong Hulyo. Pinakamabilis ang pagbabawas ng trabaho magmula Agosto 2020 at matindi ito sa pangkalahatan.


Nanatiling matindi ang mga pressure ng inflation na nakaapekto sa mga presyo. Mabilis muling lumaki ang mga gastos noong Hulyo, bagama't pinakamabagal sa loob ng limang buwan ang inflation, samantalang tumaas ang mga average na singil sa ikasiyam na magkakasunod na buwan at katamtaman ito sa pangkalahatan.

Panghuli, nanatiling positibo ang mga producer ng mga produkto hinggil sa output sa susunod na taon noong Hulyo. Umabot sa pinakamataas na naitala sa loob ng tatlong buwan ang antas ng positibong pananaw, bagama't nananatili itong mahina sa konteksto ng dating data.

### Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas  
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

## Makipag-ugnayan

Lewis Cooper  
Economist  
IHS Markit  
Telepono: +44 1491-461-019  
[lewis.cooper@ihsmarkit.com](mailto:lewis.cooper@ihsmarkit.com)

Joanna Vickers  
Corporate Communications  
IHS Markit  
Telepono: +44-207-260-2234  
[joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com)

### Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added\*. Ang mga panel ay inahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added\*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerevisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaysay.

Kinolekta ang data ng Hulyo 2021 noong Hulyo 12-26, 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

\*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

### Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

### Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

### Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayanan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa [ihsmarkit.com/products/pmi.html](https://ihsmarkit.com/products/pmi.html).